REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 95-230

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGTATAAS O UPGRADING NG SAHOD NG MGA KAWANI AT PINUNO NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA ALINSUNOD SA KARAMPATANG ANTAS NG SAHOD NA ITINAKDA NG BATAS PARA SA MGA KAWANI AT PINUNO NG ISANG LUNGSOD O HIGHLY-URBANIZED CITY AT ANG PAGLALAAN NG KAUKULANG PONDO PARA DITO.

*************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Panglungsod

*************************************************************

SAPAGKAT, itinatadhana sa Section 458 (1) (viii) ng R.A. 7160 o ang Local Government Code of 1991 na ang Sangguniang Panglungsod ay tinatadhana na magpatibay ng mga kautusang lungsod at magpasa ng mga kapasiyahan para ma-determina ang mga posisyon, sahod, allowance at iba pang kaluwagan at benepisyo ng mga kawani at pinuno mula sa pondo ng Pamahalaang Lungsod;

SAPAGKAT, ang Bayan ng Muntinlupa ay naging ganap na Lungsod o highly-urbanized city matapos lagdaan ng Pangulo ng Pilipinas noong Marso 1, 1995 ang batas para sa konbersiyon nito na pinagtibay ng Kongreso at niratipika ng mga mamamayan ng Muntinlupa sa plebisitong ginanap para dito noong Mayo 8, 1995;

SAPAGKAT, ang pagiging ganap na lungsod ng Muntinlupa ay mangangahulugan ng karagdagang kita para sa kabang-yaman nito mula sa bahaging tinatanggp nila mula sa Internal Revenue Allotment (IRA), sa franchise tax na nakokolekta sa National Power Corporation (NPC) at ang dagdag na bahagi ng real estate taxes;

SAPAGKAT, naniniwala ang Pamahalaang Lungsod na ang pangunahing yaman nito ay ang mga tauhan o kawani at pinuno nito, kung kaya't ang kapakanan ng mga ito ay dapat pangalagaan at bigyan ng karampatang pagpapahalaga para sa higit na ikauunlad at ikagagaling ng mga ito;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Panglungsod ay napagpasiyahan na itaas o i-upgrade ang tinatanggap na sahod ng mga kawani at pinuno ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa alinsunod sa karampatang antas ng sahod na itinakda ng batas para sa mga kawani at pinuno ng isang Lungsod o highly-urbanized city at ang paglalaan ng kaukulang pondo para dito.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa sa kanilang ika-129th regular na pulong na ginanap ngayong ika-26 ng Hunyo, 1995 sa Silid-Pulungan ng People's Center, Lungsod ng Muntinlupa.

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Pansamantalang Tagapangulo
Pinuno ng Panghapagang Mayorya

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Samahan ng mga Punong-
Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pederasyon ng Sangguniang
Kabataan

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Kalihim Panglungsod

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punonglungsod